

1

Seven hundred twenty-three nights ago...

“Mon dieu! Ahh! Oui... merde! Ahh... oui!”

Oh, God, not again! Naluha agad si Armi sa naramdamang tila pagbarena mula sa sentido paikot sa ulo niya. Hirap na nga siyang makatulog kanina dahil sa matinding migraine attack ay sapilitan pa siyang ginising muli ng walang konsiderasyong guest sa katabing kuwarto niya. French naman ang kalandian ng kung sinumang buwiset na Bentley na iyon, na simula noong isang linggo ay nambubulahaw na every other night.

“Mon dieu, Bentley! Oui, oui, oui!”

Bago matapos ang fifteen days na pananatili niya sa kuwartong ito, baka polyglot na siya. She knew now how to say *My God* and *Yes* in three different languages!

Hinila niya pabangon ang sarili at malakas na kinatok ang dingding na ilang gabi nang inaabuso ng malanding kapitbahay niya.

“Bentley! Oui ,oui... ahh, merde!”

“Oh God, baby, you’re so good!”

Napaderecho siya ng upo. Pangatlong beses nang nabubulabog si Armi ng ingay ng nasa katabing kuwarto, pero ngayon lang niya narinig ang boses ng Bentley na madalas isigaw ng mga babaeng dinadala nito roon.

Whoa, ang guwapo at ang sexy ng boses!

Pero pinaparusahan pa rin siya ng migraine at kailangan niya ng maayos na tulog! Kinalabog niya ang dingding, may kasama pang hampas ng tsinelas.

She heard gasps, followed by giggles, and then a low chuckle that sounded infuriatingly good.

Shit, bakit ko pa ba napapansin iyon? Ilang sandali siyang naghintay, nakiramdam kung may action uli sa kabila. Sa halip ay tunog ng isinarang pinto marahil ng banyo ang narinig niya. Merci, mon dieu! Nahiga na siyang muli, at bago mag-alas-dos ng umaga ay muling nakatulog.

Bitbit ang kahon na ibinigay sa kanya ng head of security at isa sa mga building managers sa *Ardsley Four*, kung saan naroon ang lilipatan niyang studio flat, ay pabagsak na naupo sa kama si Armi. Alam

na niya ang laman ng kahon, at alam na rin niya ang gagawin sa mga iyon.

Halos isang oras din ang briefing at pagtuturo sa kanya ng mga taga-*Ardley* kung paano io-operate ang security features ng building at ng unit niya. Kahit pagod dahil sa maghaponing trabaho sa kalapit na university bilang research analyst ay pinanatili niyang alerto ang sarili hanggang matapos ang briefing session kanina.

In a couple of days ay makakalipat na siya sa wakas sa pinaghirapan niyang sariling bahay. It's just a small studio with a balcony but at least it's hers. Almost seven years to pay pa iyon pero alam niyang kaya niya dahil ulila na siya at maliban sa *Philippine National Red Cross* at isang elderly home ay wala na siyang ibang regular na sinusupportahan.

Dear God, sana ay tahimik at dere-derecho uli ang tulog ko ngayong gabi. Amen.

Ibinaba ng dalaga ang kahon sa sahig, kinapa sa nightstand ang bote ng makeup remover niya at dalawang cotton balls, bago nilinis ang mukha kahit bumabagsak na ang talukap ng kanyang mga mata at nahihilo na siya sa pagod.

Hindi pa siya naghahapunan, bukas na lang

siguro. Mas matindi ang pangangailangan ng katawan niya sa pahinga. Tila nitong nagdaang dalawang gabi na walang nag-iingay sa katabing kuwarto ay bumawi talaga siya ng tulog. Huwag na sanang mambulabog uli ang lalaking iyon at ang mga kalandian nito!

Not tonight, she silently pleaded to the heavens. She could feel the signs. Mabuti na lang at Sabado bukas, wala siyang pasok. She could rest and be miserable until the pain was gone.

She kicked off her shoes, removed her beige cardigan then fumbled for the hooks of her bra before successfully discarding it from one armhole of her soft cotton shirt. Nakapikit na siya nang kapain ang switch sa tabi ng headboard para i-off ang corner lights bago hinila ang kumot hanggang dibdib at tuluyan nang nakatulog.

“Shet, shet! Tang-ina, Bentley! Isa pa, shet! Bentley, sige pa! Grabe, ang sarap mo! Isa pa! Ayan! ‘Yan!”

Kasabay ng maingay na tila hinihinal na instructions ng nasa kabilang kuwarto ang pagbangga ng headboard sa dingding, ang tila paghampas dito, at ang pagbagsak ng kung ano kasabay ang malakas

na tawa ng babaeng nagmamando kanina kay Bentley.

Shit, Bentley! Pasinghap na napabangon siya. Patuloy ang ingay ng babae, ang may ritmong pagbangga at paghampas sa dingding, na kasabay ang hindi na niya kayang tiisin at pigilang frustration at galit sa lalaking hindi niya maintindihan kung bakit palaging sa kabilang kuwarto nagdadala ng maiingay na kalandian nito.

Ardsley Three had three condotel floors. Two were always occupied by its regular clients while the floor she was in, as far as she knew, were mostly always free.

Kung hindi lang siya kinapos dahil sa isang medical emergency at nawalan na ng budget para patuloy na rentahan pa ang isang single dorm room malapit sa pinapasukan ay mahihintay pa sana niya ang original schedule ng paglipat sa *Ardsley Four*. End of April pa sana siya lilipat, at second week of February pa lang. She wanted to wait until all the smell of paint in her new unit was gone, and the security system had been installed, but she had no choice.

Libre pa ang fifteen days na pagtira niya sa condotel habang inihahanda ang unit niya. Dalawang kanto lang din ang layo niyon sa pinapasukan niyang

university kaya extra tipid pa. Her room now might be too crowded with her meager possessions but at least, she's spared of worrying and stress.

Ito lang talagang maiingay niyang kapitbahay ang perwisyo sa ngayon.

“Tang-ina Bentley, sige pa! Go! Ayan na! Shet, ang galing mo! O-M-G!”

Kalabog uli. Hampas uli. Hindi na talaga niya ito palalampasin. It was bad enough that she chose not to complain because she thought last Tuesday was the last.

How wrong she was! Uminom muna siya ng tubig bago sinuklay lang ng mga daliri ang hanggang balik at tumayo na. Napamura siya nang sandaling maliyo bago mabuksan ang pinto. Huminga muna siya nang malalim bago tuluyang lumabas.

Dama pa rin ni Armi ang pagod, ang panghihina at ang paghilab sa ilang bahagi ng katawan, pero kailangan niya itong gawin.

She could still hear the woman spouting expletives in between instructions and the wall-banging when she lifted her hand and knocked, no, punched then slapped at the heavy door like there was no tomorrow.

“Shet, Bentley! Sige pa, harder pa! O-M-G! Shet, sino ba ’yung kumakatok?”

“Hmm... no one... Ugh, I’m so close....”

Huh, no one pala, ha! Nilakasan pa ni Armi ang pagbayo sa pinto na sinabayan niya ng sipa kahit wala siyang sapin sa paa. Kasabay ng mga suntok, hampas at tadyak niya ang ritmo ng pagbangga rin sa dingding, ng mga sigaw ng babae at ang marahas na paghinga ng kasama nito. But damn, that Bentley’s heavy breathing sounds so... What? Armida Valeria Del Moral! Focus on the door! Focus!

Another series of curses and grunts, then a scream and a crash seemingly harmonized with her constant furious banging of the door, and then it was over. It’s over! Tahimik na sa loob! Yes! Inilayo na niya ang nananakit na kamao sa pinto, at isinipa-sipa sa ere ang mga binti bago huminto dahil nahihilo na siya. But that felt good! Parang nailabas na niya ang lahat ng inis sa nagdaang mga gabi na binulabog siya ni Bentley at ng mga babae nito.

Huminga siya nang malalim habang nakatukod ang isang kamay sa pinto at sapo ang dibdib ng isa pa. Nahihilo na rin siya, at unti-unti nang nararamdaman

ang pananakit sa kanyang puso. *Oh, God! Not now!* Kailangan pa niyang makompronta si Bentley! Kailangang—

“What the f*ck is your problem, dude?”

Napasinghap si Armi sa biglang pagbukas ng pinto, at dala ng pagkaliyo ay hindi agad nakabuwelo para bumitaw roon. Derecho tuloy siyang napasubsob sa kung sinumang nagbukas. Her face was smacked against something firm and just a bit hairy that it tickled her nose, something that’s a bit damp and smelled of some cologne, sweat and ... sex. Napadilat siya at nanlalaki ang mga matang lumayo.

Pero dahil kanina pa hilo ay tila umikot ang tingin niya sa biglang paggalaw. Napapikit siya at tumaas muli ang kamay para maghanap ng makakapitan, pero tila hindi na niya mapipigilan ang pagbagsak ng katawan sa sahi.

Pero naramdaman din niya ang maagap na paghawak sa magkabila niyang braso, at ang pagdaiti ng katawan sa kung sinumang may hawak sa kanya ngayon.

“Miss? Do you need to be in a hospital?”

She could feel warm breath on the top of her head. She tried to focus again as she wiggled out of

the man's grip on her arms, then felt something poke at her hip. Napatingin siya roon, sa ibabang bahagi ng katawan ng lalaki na boxer shorts lang ang suot.

Something protruded... *Shit!* Napatingala si Armi sa kapitbahay na may hawak sa kanya bago bumaba ang tingin, pagkatapos ay bumalik sa mukha. The bastard was now grinning, as in ear-to-ear with nearly all of his almost perfect save for a couple of crooked teeth grinning, his deep-set eyes sparkling with mischief.

Anak ng... ang guwapo!

“Like what you see?”

His voice was teasing, low and seductive, and that brought her back to her muddled senses. “Puwede na,” she smirked as she tried to match his tone which was easy since her voice was naturally low and breathy.

Naningkit ang mga mata ng kaharap niya. “So, why were you trying to destroy my door, Miss?” usisa nitong medyo nangunot ang noo nito bago inilapit ang mukha kasabay ang pagpigil muli sa mga braso niya.

“Ano ba... Hoy! What are you doing?” Iniiwas niya ang mukha, pero tuloy lang ang lalaki sa

paglapit. Inamay-amay nito ang buhok niya, ang gilid ng mukha, ang leeg... Agad niya itong itinulak. "I'm not drunk!"

"Yeah, figured that out." Lumayo ito at bumitaw na sa kanya.

Iniyakap niya ang mga braso sa sarili. Ginawin siya at dahil February pa lang, nanunuot pa rin sa buto niya ang temperatura. "Anyway," huminga siya nang malalim, "I was just trying to call your attention dahil ikaapat na beses na ito na—"

"Do you wanna see what happens with a bag of nips? What goes on before they touch my lips..." he sang slowly, lazily, as he fixed her with a heavy-lidded gaze that still shone playfully. Then his eyes swept across somewhere below her face, then back up, with that stupid grin taunting her.

Napatingin din tuloy si Armi sa kanyang dibdib na karaniwan nang hindi pansinin, pero sa mga sandaling iyon, at dahil sa lamig ay tila naghuhumiyaw na ng atensyon.

Her erect nipples protruded through the thin fabric of her shirt, and it was even worse than feeling his hardness poke at her hip earlier. *Ano ba, nasaan ang hustisya? Gusto ko lang namang matulog nang*

maayos!

“They make a rainbow... Chocolate nips... a choco rainbow...”

“Shut up!” angil niya. Natawa lang ang lalaki, at gusto na talaga niyang gawin dito ang ginawa sa pinto pero wala na siyang lakas pa. “Really, Mister—”

“Bentley.” He sobered up as he held out a hand. “Bentley McNamara.”

“Whatever.” She waved her hand dismissively. “Simula nang lumipat ako sa dulong kuwarto last week, pang-apat na beses na ito na nasisira ang tulog ko dahil sa ingay n’yo. Alam kong makapal at matibay ang klase ng mga kahoy dito, pero hindi pa rin niyon napi-filter ang ingay n’yo. Kaya kaunting konsiderasyon naman, please. Kailangang-kailangan ko lang ng matinong tulog. Gawan n’yo naman ng paraan na hindi sobrang ingay para—” Napasinghap siya bago sandaling napapikit nang maramdaman ang pamilyar na sakit.

Parang may ibinaong kutsilyo sa ibaba ng tiyan niya bago iyon marahang inikot-ikot. Napakapit siya sa hamba ng pinto.

“Miss? What’s going on?” puno ng concern ang boses ni Bentley, na may kahalang panic. Pagtingin

niya sa mukha nito ay pag-aalala at guilt ang nabasa niya. He looked repentant, and a bit scared.

Good, aniya sa isip. “I’m fine. Just...” Huminga siya nang malalim. “Sana, kung puwedeng huwag ka munang mag-ingay within the next two or three days, please? Hanggang makaalis lang ako? Kailangan ko lang talaga ng pahinga,” napapagod nang sabi niya. Hindi na niya kayang makipag-away. Sapat nang napagdiskitahan niya ang pinto at nasabi ang dapat.

Bumitaw si Armi sa doorframe at lalakad na sana pabalik sa kuwarto niya, pero nahagip agad ni Bentley ang braso niya.

“I’m sorry. I really am.” Wala na ang panunudyo sa tinig nito. Mukha na ito ngayong nagmamakaawang tuta. Right, a puppy with a beautiful face and a hot body. “I promise you won’t hear anymore. I’ll be gone this weekend, anyway.”

Marahang tumango lang siya. “Okay, salamat.” Hinila niya ang braso mula sa kausap. Nakakadalawang hakbang na siya nang muli itong magsalita.

“Wait, may I at least have your name?”

Hindi sumagot ang dalaga. Derecho lang siya sa nakabukas na pinto ng kanyang pansamantalang tirahan at isasara na sana iyon nang muling marinig

si Bentley.

“Fine. I’ll just call you...” He paused, then, “Nips, Nips!” He followed that with a stupid, evil laugh.

Ini-lock na niya ang pinto at napabuntung-hininga. Ilang sandali pa siyang nag-alangan bago muling nahiga. Ilang minuto rin niyang hinintay kung muling mag-iingay ang mga taong nasa kabilang silid, pero nakatulugan na niya iyon.

Armi was up at past eight the next morning. Masakit pa rin ang puson niya, pero at least, lampas pitong oras din siyang nakatulog. She showered quickly, changed into jeans and a chambray shirt. She thought she’d buy food good for the next two or three days para hindi na siya ma-hassle sakaling sumpungin uli ng sakit.

Huminga siya nang malalim bago buksan ang pinto. Napaatras pa siya nang makita ang naghihintay sa labas. A basket of beautiful rainbow-colored flowers, and two paper bags.

A note she plucked from the flower basket said: *I’m sorry. Hindi nito maibabalik ang nawala mong tulog at hindi rin siguro makakaalis ng sakit, but I wish you would rest for the next couple of days. Feel better soon. I’m sorry again. B*

Satisfying Bentley - Sachi Bliss

Naiiling na itiniklop ni Armi ang note at inusyoso ang mga paper bag. Dalawang malaking papercups na may handwritten label na 'hot choco milk' at 'hazelnut latte' ang nasa ibabaw ng dalawang kahon na naglalaman ng big breakfast meals. Habang ang isa pang paper bag ay may tig-isang kahon ng meat pies at brownies, at tatlong pouch ng magkakaibang variants ng *Nips*.

2

Bentley caught himself as he stepped inside what would soon be one of the hottest café bars in this side of the metro. Pasado alas onse ng umaga on a Monday, at kagagaling lang niya sa unang World Literature class niya para sa araw na iyon. Nilalakad lamang niya ang dalawang kanto lang naman na papunta at pabalik sa *Ackerton University*, kung saan isa siyang full-time college instructor at adviser sa literary journal. It was unusually hotter that morning on a February, and he was slightly flushed and sweaty from sun exposure, but he didn't know why he felt so light and... cheery? Happy? Sunshine-y?

Whatever! Medyo nahiya lang siya sa guard nila at sa mga tauhang ngayon ay finishing touches na lang ang inilalagay sa interiors ng *The Lounge*, ang café bar na project business nila ng tatlo pang kaibigan. He was happily whistling when he came in, and he wasn't even that aware he was doing it until he noticed the strange, knowing looks being thrown his way.

Naiiling na dumerecho na siya sa maikling hallway na papunta sa opisina, break rooms at supply

rooms ng bar. Sakto namang pagliko niya roon ay bumukas ang isang pinto at lumabas ang babaeng pamilyar sa kanya.

Her shoulder-length golden brown hair was neatly combed now. She wore some makeup that seemed to make her almond, wide-set eyes tantalizing and her sexy lips looked even more inviting. Black pants and jacket, camel boots and bag, and a rainbow-striped top that reminded him of candies and made him smile.

“Nips, Nips?” Humakbang siya palapit.

Obvious na nakilala siya ng babae, pero nangunot ang noo nito at medyo napaatras. “Yes?”

“Hi! What are you doing here? Did you get the stuff I left at your door last Saturday?” Humakbang uli siya.

Tila resigned na bumuntung-hininga ito. “Hi,” she breathed. “I’m here for an interview, and yes.” Bahagya itong ngumiti. “Ang ganda n’ung flowers, ang sarap ng breakfast pati ng meat pies at brownies... Thank you.” Then she met his gaze. “Pero huwag mo nang gagawin iyon. Tinupad mo naman ang sinabi mong patatahimikin mo ang weekend ko kaya quits na tayo.”

“Hmm... I can’t promise that. Generous ako.” Hindi natitinag na nakangisi pa rin siya. “Kahit itanong mo pa kay Ate Bettina,” tukoy niya sa kapatid na tumutulong sa staff hiring process nila. “How about the *Nips*? Alin ang gusto mo d’on? I love the Fruit and Nut ones “

She just rolled her eyes. “They’re okay. Well, I have to go. Babalik pa ako sa trabaho ko.” Humakbang ang babae para lampasan siya, pero iniharang niya ang katawan.

“Hey, not so fast. Galit ka pa ba? I’m sorry na. Hindi na talaga iyon mauulit. Magpapakatino na ’ko.”

Tiningnan siya ng kausap na parang tahimik na bumibilang upang kalmahin ang sarili. “Bentley,” she finally said, “it’s fine. Tama na ’yang sorry mo, okay? Kailangan ko lang talagang umalis dahil isang oras lang ang paalam ko, at male-late na ’ko sa lunch meeting namin, okay?” Nakikiusap na ang mga mata nito, at gusto niyang tadyakan ang sarili sa kakulitan.

*Not everyone will succumb to your so-called charm, McNamara! Get over your f*cking self! You’re not that special!* “Shit, I’m sorry! Sige na, you may go. Saan ba ang work mo? Ihahatid na kita para—”

“Ackerton. Kaya kong lakarin.” Tumalikod na ito.

“Excuse me.”

“Wait! What’s your name?”

Pumadyak ito sa frustration. “Armi!” Pagkatapos ay halos tumakbo na palabas.

“See you soon, Armi!” malakas na pahabol niya.

“Are you harassing your new employee, Bentley? Tantaran mo ’yang kalandian mo at ako mismo ang kakaladkad sa iyo sa presinto!”

Nilingon ng binata ang nakatatandang kapatid na nakapamaywang sa tabi ng pinto. “Employee? She’s hired?”

“She’s super qualified. B.S. Chemistry grad, *cum laude* from *UST*. Researcher and consultant at *Ackerton*. Worked at *Starbucks* and interned at *Friday’s* while finishing her degree. Nag-training sa *TESDA* ng bar tending at drink mixing, pati baking para madagdagan ang opportunities na magkatrabaho.”

Nangunot ang noo niya. “Chemistry grad from *UST* na researcher sa *Ackerton* at papasok ngayon dito? Ano’ng trabaho niya?”

“Bar tender, mainly. But I told her since she’s overqualified, she’d take care of the bar supplies, too. Seven to twelve ang pasok niya pag weeknights, then

she'll take care of the paperwork during weekends.” Bettina poked his chest with a pen. “Kaya huwag na huwag mo siyang guguluhin, Bentley. She needs this job.”

“Apart from the one at *Ackerton*?”

“Yes,” his sister nodded.

Ilang sandaling nakatingin siya kay Bettina. She obviously liked Armi. It could be because she's a mother, but he also noticed the sympathy and sadness in the way his sister asked him to spare his new employee. Mukhang ngayon pa lang ay may alam na ito sa sitwasyon ng babae.

Marahang tumango siya. “May I see her file?”

Bettina sighed, but she waved him into the office and handed him a blue folder. Nasa loob ang curriculum vitae ni Armi, kung saan may two by two picture ito, na kahit nakangiti ay halata ang lungkot. Dumako ang tingin niya sa iba pang impormasyon tungkol dito, at hindi napigilang mapangiti sa nabasa.

Address: 709 Ardsley Four. Sa kabilang building lang, sa mismong building na nilipatan niya several months ago.

He felt excitement building up inside of him.

Present day, on a February morning...

Oh, no, he's already here! Ang aga naman!

Napahinto sa paglalakad si Armi nang makitang nakapuwesto na sa pang-apatang mesa sa open cafeteria ng *Ackerton University* si Bentley. Malapit ito sa isa sa mga kariton ng magbubuko na may permit na magtinda sa campus, sa ilalim ng puno ng acacia. Ten fifteen pa lang ng umaga, at ten thirty ang usapan nila.

She was hoping to be early to give herself time to prepare, to calm down, maybe even to make last-minute decisions. Baka nabibigla lang siya, nao-overwhelm sa natanggap na balita mula sa kanyang mga doktor, at masyadong na-excite.

But her life-changing good news was eight days ago, and she had really given herself enough time to research, observe and think. Wala nang atrasan ito. Sana lang ay hindi ganito kabilis ang tibok ng puso niya.

Sana rin, hindi ganito kaguwapo at ka-fresh si Bentley. Masyado rin itong na-excite nang nakaraang gabi at nagingning talaga ang abuhing mga mata na parang naging silver nang tanungin niya kung

Satisfying Bentley - Sachi Bliss

puwede itong makausap over snacks or brunch ngayong umaga.

“Bukas? Bakit hindi pa ngayon?” he asked with a playful nudge.

“Dahil hatinggabi na at pauwi na ’ko,” nakataas ang kilay na sagot niya. “Besides, I want to be rested and more relaxed when I talk to you. Kaya bukas na lang sa main garden. Ten thirty. Hahanap ako ng puwesto away from the food court.”

“Oh, pick a place under a tree. Parang seryoso, ah? Magtatapat ka na ba?” tukso nito.

Under normal circumstances, she would’ve rolled her eyes and tell him to dream on, pero mas malupit pa sa pagtatapat na crush niya si Bentley ang dahilan kung bakit gusto niya itong kausapin.

And now he’s here, hotter than the midday sun, more beautiful than the nearby garden, even. Parang gusto niyang umatras, kahit desidido na at kahit papaano ay naihanda na rin ni Armi ang sarili sa maaaring kalabasan ng pag-uusap na ito.

But this was Bentley McNamara! Her kind boss, and among the few real friends she had over the past two years. Hindi rin niya inakala noon na sa kabila ng hindi magandang impresyon niya noong una ay

magiging malapit siya sa binata. Lalong hindi sumagi sa isip niyang ang gaya nitong aminadong babaero ay may kakayahan palang magbago.

Saksi siya roon, dahil pagkagaling sa *Ackerton* ay sa *The Lounge* din dumederecho si Bentley. Six days a week ay kasama niya ito sa café bar maliban na lang kung nagbabakasyon ito na ang palaging kasama ay ang pamilya nito.

Maliban sa pakikipag-date sa mga kaibigan niyang panay may crush dito, at sa actress-model na nakarelasyon ng ilang buwan ay wala na siyang nakita o nabalitaang ibang babae sa buhay ni Bentley. She knew for sure, dahil naging malapit na rin siya sa kapatid nitong si Bettina at sa mga magulang ng lalaki, na ilang beses na rin siyang niyayang sumama sa pagbabakasyon ng mga ito.

Palagi lang siyang tumatanggi dahil nahihiya siya, at ayaw rin niya na inirereto siya ng mga ito kay Bentley. They're co-workers and good friends, and that's how she preferred it. Hindi rin niya sineseryoso ang madalas ay pagbibiro ng binata na gusto siya nito at ang madalas nitong pagpapa-cute. Sure, she's attracted to him, but that's it.

Alam na niya dati pa na hindi marahil para sa kanya ang pangmatagalang pakikipagrelasyon, at

pagkakaroon ng sariling pamilya. Gayunpaman ay may isa siyang pinapangarap, na inakala niya dating hindi matutupad hanggang sa kausapin siya ng kanyang mga doktor nitong nakaraang linggo.

At iyon ang dahilan kung bakit kakausapin niya ngayon ang kanyang amo.

Huminga siya nang malalim bago muling humakbang palapit kay Bentley, na tila may radar na nag-angat ng tingin mula sa binabasa nito sa tablet. Todo ang ngiti nito nang kawayan siya bago ibinalik sa backpack ang gadget.

“Aga mo naman,” kunwa ay protesta ni Armi habang paupo sa silyang hinila nito para sa kanya.

“Excited ako,” he grinned. “Kaya treat ko ang brunch. Ano’ng gusto mo?” Inilabas nito ang wallet.

Mahirap tanggihan ang libre nito dahil lalong nagiging makulit, kaya pinagbigyan na niya. After seven minutes ay nasa pagitan na nila ang mga pagkain, na ilang sandali niyang tinitigan. Kinakabahan kasi siya ulit.

Pero dahil may dapat siyang inuming gamot ay kailangang kumain. “Let’s eat first?”

Gumalaw ang isang kilay ni Bentley. “Sure. Try

these.” Itinuro nito ang veggie pizza na may cream cheese, at kumuha naman siya ng isang slice.

The next twenty or so minutes were spent finishing their food while talking about their respective work. At exactly eleven, Armi took out a pill from her vanity pouch and took it along with her watermelon shake. Dama niyang nakamasid si Bentley habang ginagawa niya iyon. Nang matapos ay iniligpit niya sa tray ang mga pinagkainan bago nilaru-laro ang straw ng shake niya, at sinalubong ang tingin ng kasama.

“So, uhm... First things first,” kinakabahang umpisa niya. “May mga gusto lang akong sabihin sa iyo tungkol sa akin, sa dahilan kung bakit may mga pagkakataong uma-absent ako sa trabaho.”

“Bad periods, right? Dysmenorrhea? You said one time you need to see your doctor because of your frequent migraine attacks?” Nangunot ang noo nito.

“Yes, I need to see my doctor. Doctors, actually. Pero ’yung absences ko ay hindi kailanman dahil sa monthly period ko. In fact, I hardly have one. I mean, I’m very irregular.”

He blinked. “Hindi... hindi healthy iyon, right?”

Umiling siya. “Not healthy at all. Bentley, uhm... Una sa lahat, I’m a human test subject,” she blurted

out.

He just stared at her. “Test subject for what? Science? Are you being treated well?”

Tinapik ni Armi ang kamay nito. “Yes, for Science. For medical purposes, actually. At sa loob ng halos tatlong taon that I go through clinical tests, procedures, and the like, sobrang maayos ang trato sa akin sa *Ackerton* at *Saint Martin’s*. Wala akong masasabi.” Tila nakahinga nang maluwag si Bentley nang marinig ang pangalan ng dalawang ospital.

She then told him about being diagnosed with polycystic ovarian syndrome or PCOS at nineteen, at kung paanong naging dahilan iyon ng infertility niya. May history rin ng diabetes at hypertension ang pamilya niya na maagang nagma-manifest, kaya ingat din siya sa pagkain at exercise para hindi madagdagan ang timbang. May kinalaman sa mga kondisyong iyon ang pagiging human test subject niya para hindi na siya gumastos sa mga kailangang gamot at procedures.

“Pero ’yung pinaka-purpose talaga niyon is to help me conceive. I rarely ovulate and have my period, but I am very aware of it when I do or about to. Kaya tinetiyeputuhan ko lagi kapag nangyayari iyon at pumupunta ako sa fertility center ng *Ackerton*

University Hospital so they can harvest whatever little ova was produced. You know, eggs,” patuloy niya, na nakatingin sa natutunaw nang watermelon shake sa halip na kay Bentley.

“I know my Biology, Armi,” amused na sabi nito.

“Fine,” she sighed. “Anyway, twice or thrice a year yata akong sumasailalim sa ganoong procedure for the past three years, kahit konti lang ’yung nakukuha nila every time. They preserve it and when there’s enough, they’ll check if it’s viable. If they can be fertilized.” Kumakabog ang dibdib niya nang muling tingnan ang kausap.

“Last week, they told me the results. K-kung posible bang magamit ’yung mga na-harvest sa ’kin para... You know.” She bit her lower lip.

“Para magkaanak ka? In vitro, then?” His smoke-colored eyes narrowed.

Tumango siya. “Yes.” Muli siyang napayuko.

“So, ano’ng nangyari?”

“Uh, well...” *Hala, bakit ang hirap ngayon? Bakit hindi ko na lang sabihin ang dapat? Nakapagdesisyon na ako, eh. Gagawin ko ito. I shouldn’t be scared, it’s only Bentley. But... that’s precisely why this was so*

scary.

Nag-angat muli siya ng tingin, at nasalubong ang tingin ni Bentley. Agad siyang napayuko uli. “Uhm...”

“Armi...” he spoke softly. “What did your doctors tell you?”

She sighed, but she still remained silent. She knitted her brows, and stared fixedly at her hands. *Gawin mo na, Armida! Sabihin mo na sa kanya! Pero, paano?*

He reached for her hands and held them. “Tell me, Armi.”

Huminga siya nang malalim. “Ang s’abi nila, posible daw... I mean... the ova could be viable... and a successful pregnancy could be possible.”

“You’re kidding.”

“No, I’m not,” she said with nervous laughter, and finally looked up at him. “I’ve al—It’s... my dream, Bentley... I mean, ’yung magkaanak.”

“That’s... that’s great news, Armi.” He was looking at her in wide-eyed amazement.

Napalunok siya. “A-ang s’abi din nila, since I’m almost thirty at maagang nagma-manifest sa ’kin

Satisfying Bentley - Sachi Bliss

'yung mga sakit ng pamilya ko, they said I should start as soon as possible."

"Oh... And you're ready for it?" Hindi pa rin nito binibitawan ang mga kamay niya.

Tumango ang dalaga. "Yes... Pero..." *Oh my God! Paano ba 'to?* "They offered to set me up with genetic counseling to choose a donor but, uhm..." *Shit, Armi! Go! Sabihin mo na!* "Uhm... ano kasi... ayoko sana ng anonymous donor. Gusto ko kilala ko talaga. Kilalang-kilala." Nakikiusap na ang tingin niya kay Bentley. "I was wondering... if you'd consider... donating your, uh... genetic material."

Katamikan ang sumunod. Magkahawak pa rin ang mga kamay nila at magkahinang ang mga mata.

"Armi, are you asking me for my sperm?"

Napabuntung-hininga siya, hinila ang mga kamay mula sa lalaki at tinakpan ang mukha

Mahinang natawa ito bago maingat na hinila ang mga kamay niya. "Armi, uhm... I..."

Umiling siya, "No, Bentley. Hindi mo kailangang sagutin ngayon. Puwede mong pag-isipan. Puwedeng within the week. Hindi ito basta-basta desisyon, I know."

Satisfying Bentley - Sachi Bliss

Tumango ito. “Okay.” Medyo namumutla si Bentley, parang na-disorient pa.

Poor guy! I’m sorry. Hinila niya muli ang kamay mula rito. “Kailangan ko nang umalis. One hour lang ang paalam ko, eh,” she winced. “I’ll see you later?” She stood as she slung her bag over one shoulder.

He gave her a half smile, and she turned with a small wave before she walked away with her heart pounding.

3

Hindi alam ni Bentley kung paano niya nagawang makapagturo pa nang maayos sa tatlong klase niya matapos ang pagkikita nila ni Armi. Iniisip pa rin niya kung totoo ba iyong nangyari. Pakiramdam niya kanina nang malaman ang kailangan nito ay hihimatayin siya.

He actually felt as if he'd been kicked in the gut, or punched in the face, and he saw stars. It was unreal.

But it really happened. He could still taste the churros and caramel ice cream they shared for dessert earlier. The scent of whatever lotion or cologne she used was still in his hands that held hers while she struggled to speak.

Lutang pa rin siya nang maglakad pauwi kaninang alas cinco. Ang daming ideya, tanong, scenario at mga posibilidad na naglalaro sa isip niya. Maingay, magulo at sabay-sabay. Iyon ay sa kabila ng kanina pa lang, bago umalis si Armi, ay alam na niya ang isasagot.

The woman that was largely responsible why, over the past two years, people saw his transformation.

Parang makasalanang nagbalik-loob sa Diyos, parang addict na dumaan sa matinding rehabilitation, and in his mother's words: "*Parang higad na naging paruparo, o ahas na naging unicorn.*"

No one knew why, how or who did it to him. Maayos na pinutol na ni Bentley ang ugnayan sa 'international league of f*ckbuddies' niya, all five of them. Hindi na rin siya nakikipag-date unless may 'higher purpose', gaya ng paglabas niya kasama sina Annabeth at Serenity na inireto niya sa tatlong kaibigan at kasosyo sa *The Lounge*.

Finally, he dated actress-model Jennevy Collins to help her get the man she really wanted and for her to make *The Lounge* the exclusive distributor of the premium fruit wines her family manufactured in Ilocos. Purely business. Kakaunti ang nakakaalam na kabarkada niya noong grade school ang babae.

That ended over a year ago, long before he went out with Armi's friends. And what he's always felt for Armi was something he managed to keep from everyone all these years.

Hindi alam ni Bentley kung ano eksakto ang nangyari. Inisip niya kung awa o paghanga ba dahil sa kasipagan, talino at pagiging efficient nito sa trabaho. Of course, he always found her unconventionally

pretty, but a part of him thought then that he might just be challenged because she always responded to his flirting with a raised brow, an eye roll, a snort or a sarcastic comment.

But always, a smile after she'd shown him how silly she thought he was. Hindi man sineseryoso ni Armi ang paglandi niya ay napapatawa naman niya ito. Isa pa iyon. Buhay na buhay, mataginting at nakakahawa ang tawa ng dalaga na kapag narinig na niya ay kompleto na ang araw niya.

He hated it when she'd excuse herself from work. Nakita na niya kung paano itong nahihirapan kapag inaatake ng sakit. Lalo tuloy niyang isinumpa ang monthly period ng mga babae at inisip na sana, siya na lang ang masaktan nang ganoon.

He's grateful that even if Armi never believed that he really liked her, they still became good friends. He just wished he knew right away about her condition... But, man, did she really ask him that? Be the father of her future child? A co-parent?

If she only knew he'd be willing to be more. Pero ayaw niya itong biglain. Sisiguruhin niyang gagawin niya ito nang tama dahil baka ito na ang pagkakataon para mapatunayan niya kay Armi na totoo ang nararamdaman niya, at kailanman ay hindi

talaga siya nagbiro.

Ayaw munang bigyan ni Armi ng kahulugan kung bakit halos hindi niya nakausap sa *The Lounge* si Bentley ngayong gabi. Bukod sa past nine na ito dumating ay hindi ito gaanong tumambay sa bar gaya ng nakagawian. Madalas na ang mga kaibigan ang kausap ng binata.

He did smile and waved at her when he came in and when he saw her as she was about to leave. Hindi siya dapat napraning. Siya ang nagsabi kay Bentley na pag-isipan nito ang magiging sagot

Maybe staying away from her would help him think clearer. But it's making her anxious. What if he said no?

Napapabuntung-hiningang lumabas na siya ng banyo matapos mag-shower at magpalit ng pantulog. Twelve forty na ng madaling-araw at ipapahinga na lang niya muna ang utak mula sa mga pag-aalala. At least, nasabi na niya kay Bentley kaya bawas na ang intindihin niya.

Bubuksan na sana niya ang maliit na refrigerator para kunin ang water bottle niya nang tumunog ang doorbell. Agad sumikdo ang kanyang dibdib

at sumilip sa peephole kung sino ang nasa labas. Marahas siyang napahugot ng hininga nang makitang si Bentley iyon.

Inalis niya ang mga lock ng pinto at binuksan iyon. “Hi.”

“Hey,” he said, smiling.

“Uh... pasok ka.” Binuksan niya ang pinto at binigyang-daan muna ang bisita bago iyon isinara. “Do you want anything? Water? Coffee?” Hindi siya makatingin nang derecho sa kausap, nag-aalalang baka makita na niya sa mga mata nito ang sagot.

Bubuksan sana niya uli ang refrigerator, pero lumapit si Bentley.

“No, okay lang, Armi. Hindi ako magtatagal.”

Noon niya ito tiningnan. He probably mirrored her nervousness. Para sa isang lalaking expert magpaibig ng mga babae, tila hindi nito alam ang susunod na gagawin nang mga sandaling iyon.

Kaya kahit kabado ay siya na rin ang bumasag ng katahimikan. “Uh, so napag-isipan mo na ba ang... r-request ko? Okay lang kung hindi pa. Take your time. Kung may mga tan—”

“Yes,” he replied, looking at her in the eyes.

“It’s not something that I get asked to do every day. Uhm...”

Napayuko siya. *Oh, no.*

“But I am absolutely flattered. Honestly.”

He’s trying to make light of the situation, a.k.a. Bentley McNamara’s classic defense mechanism. Oh my God, nakakahiya! “Bentley, if you’re trying to say no, okay lang.” Nanatili siyang nakayuko. “Naiintindihan ko.”

“See as weird as this sounds.” He paused. “Shit, hindi ko alam. It’s not a bad request, Armi. Medyo kakaiba lang, and... Anyway, ayoko lang sana na may magbago sa ’tin dahil dito. I just wouldn’t want this to come between us.”

“Yeah,” mahinang sabi niya, nakayuko pa rin at pinaglalaruan ang laylayan ng kanyang kamiseta. “Naiintindihan ko... really.”

Armi knew it would be too good to be true. What was she thinking asking him for something so personal? Oh, God, hindi siya iiyak ngayon sa harap ni Bentley! *No, no, no...* Napaatras siya nang makitang tila inaabot siya ng isang kamay nito. Tila iaangat niyon ang kanyang mukha, pero umiwas siya. Nag-landing sa hugpungan ng leeg at balik at niya ang

kamay nito at napaigtad siya sa init niyon.

Napaangat na tuloy siya ng tingin, at nakitang nakatuon sa kanya ang mga mata ng lalaki.

“But, Armi, the... the answer is ‘yes.’” He had an indescribable look on his face. She thought he looked happy. She couldn’t tell, exactly. But she could see that his eyes were full of tenderness.

Wait, what? *Oh, my God! Yes talaga? Gagawin talaga ito ni Bentley para sa... sa akin?*

Tuluyan nang nalaglag ang luha niya nang humakbang palapit kay Bentley at yakapin ito nang mahigpit. Pumaikot din ang mga braso nito sa likod niya at masuyo iyong hinaplos at tinapik.

Hindi alam ng dalaga kung paano iko-contain ang nararamdamang saya. Dinampian niya ng likod ng kamay ang paligid ng mga mata at sumisinghot pa nang tingnan muli ang binata.

“Uhm... well, I’ll call Dr. Pereira and...” Hindi pa rin makapaniwalang minasdan niya ang nakangiting pagtango ng kaharap. Parang tahimik na sinasabi sa kanyang magiging okay ang lahat. “I assume that she’ll want to meet you and go through the... uh, the donor procedure.”

“Oh, at that part, I’m a pro,” he quipped as he walked backwards to her door.

Right. Nakangiting sinamahan niya ito paglabas. Magaang na hinagkan siya ni Bentley sa pisngi at tinapik sa balikat bago ito naglakad palayo.

Nanginginig ang mga kamay ni Armi habang isinasara ang pinto. Halo ang kaba at excitement niya, pati ang pagtataka sa huling sinabi nito. He’s a pro? At what? Naging sperm donor na ba ito dati?

Then she remembered how a sperm donor procedure was done and felt heat rise to her cheeks. *Ano iyon, hindi na siya uli... Shit!*

Ayaw niyang isipin man lang iyon!

Pabagsak na nahiga siya sa kama at naalala rin ang sinabi ni Bentley na ayaw nitong may magbago sa pagitan nila. Obviously, he’s thought more about it than she probably ever did.

Ni hindi nila napag-usapan kung ano talaga ang hinihiling niya sa lalaki, kung paano ang magiging involvement nito sakaling maging matagumpay ang procedure. Still, Bentley said yes without knowing any more details!

She wondered now what more he expected.

“Okay, Armi, Mr. McNamara...” Nagpalipat-lipat ang tingin sa kanila ng fertility specialist na si Dr. Joan Pereira habang magkatabi silang nakaupo sa opisina into.

“Now, with normal IVF procedures, we start by giving the woman hormones for ovarian stimulation, so that we can collect viable eggs. However, since your ova have already been collected and even though your hormone levels are relatively good, kailangan mo pa rin ng estrogen and progesterone treatment sa loob ng sampung araw para tumibay ang uterine lining mo bago natin umpisahan ang embryo transplantation.”

Tumango lang si Armi. “Okay.”

Bumaling ang doktor kay Bentley. “Puwede ka bang bumalik dito two or three days from now? Eat and drink healthy muna kahit dalawa o tatlong araw lang. No smoking, no alcohol or spicy food. *Gatorade* or coco water every morning, okay lang ba? Then you can just go here to give us a sperm sample.”

Nag-init ang mga pisngi ng dalaga sa narinig habang tila balewala iyon kay Bentley. Halatang amused ito nang sumagot, “Noted, Doc. I’ll be here

Saturday morning, then.”

“That’d be perfect,” the doctor smiled as she turned to her patient again. “Sa Lunes, puwede na nating isagawa ang insemination and hopefully, pagkatapos ng apat na araw, we’ll have at least three healthy embryos to choose from so that by Friday or Saturday next week, puwede nang isagawa ang embryo transplantation.”

Kumakabog and dibdib sa magkahalong kaba at excitement na napangiti siya. Para siyang naliliyo at hindi pa rin makapaniwala na pinag-uusapan nila ngayon ang proseso ng pagbubuntis niya.

At kasama niya si Bentley na tahimik na inabot ang kamay niya at marahang pinisil.

“Twelve days matapos ang transplantation, babalik ka dito for the pregnancy test.”

Pregnancy test! Oh, my God! Sapo ang dibdib na napatingin siya kay Bentley, na nangingislap ang mga matang nakatingin din sa kanya. Halata ang excitement sa mga mata into. My child could possibly have those stunning smoke-colored eyes! I hope he or she gets his nose, too. And lips, and that devastating smile...

Napabuga siya ng hangin at iniiwas ang tingin.

Kalma lang, Armida! This could all be for nothing. Don't get your hopes up.

She took a deep breath. “Okay. Thank you so much, Dr. Pereira.”

Nakangiti rin at halatang excited ang doktor para sa kanya. “I can’t say the chance is very high that your ova will produce enough healthy embryos, but it’s far from impossible and it’s definitely worth a try.”

Tumango lang si Armi. Alam at tanggap na niya dati pa na maaaring hindi ito magiging tagumpay, pero kinakabahan pa rin siya.